

ISANG GABAY NG MAGULANG SA PAG-UNAWA

Ang Paunang Mga Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa California (English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC))

Alam naming maraming katangiang dala-dala ang inyong anak sa paaralan, at maaari din silang mangailangan ng dagdag na suporta sa silid-aralan.

Sino ang kumukuha ng pagsusulit na ito?

Noong inirehistro ninyo ang inyong anak para sa pag-aaral, naglista kayo ng ibang pangunahing wika liban sa Ingles. Kukunin ng inyong anak ang Paunang ELPAC para matukoy kung kailangan niya ng dagdag na suporta sa silid-aralin habang nag-aaral ng Ingles.



Bakit kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Makakatulong ang Paunang ELPAC na matukoy kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa pag-aaral ng Ingles. Ang mga estudyante ay susulitin sa kanilang mga kakayahan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat, na magbibigay ng impormasyon sa guro ng inyong anak tungkol sa mga aspeto kung saan nangangailangan ng dagdag na suporta ang inyong anak.

Kailan kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Ibinibigay sa mga estudyante ang Paunang ELPAC sa loob ng 30 araw mula nang una silang mag-enroll sa isang paaralan sa California. Makakatanggap kayo ng karagdagang impormasyon mula sa paaralan ng inyong anak kung kailan ibibigay ang pagsusulit.

Paano kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Hindi inoorasan ang pagsusulit na ito na kukunin sa computer, ngunit may tulong na maibibigay sa mga estudyanteng hindi makakagamit ng computer mag-isa. Ibinibigay ang pagsusulit sa mga estudyanteng nasa baitang 3–12 sa maliliit ng grupo maliban sa pagsasalita na ibinibigay nang harapan. Sinusulit ang mga estudyanteng nasa kindergarten hanggang baitang 2 nang harapan para sa buong pagsusulit, bagama't maaaring ibigay ang pagsusulat sa maliliit na grupo hanggang sa mga baitang 2 na estudyante.

Anong mga kagamitan ang mayroon?

Magkakaroon ng access ang inyong anak sa mga kagamitang kailangan nila kapag kinukuha ang pagsusulit, gaya ng highlighter, notepad, o scratch paper. Makakatulong ang mga kagamitang ito na ma-access ng mga estudyante ang pagsusulit, at hindi ito makakaapekto sa kanilang mga score sa anumang paraan. Pwede kayong makipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa ibang mga kagamitan na maaaring makatulong sa inyong anak, at tungkol sa mga kakayahan ng inyong anak sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat upang masuportahan ang kanilang pagkatuto.

Paano ko matutulungan ang aking anak?

- Ipaalala sa inyong anak na gusto ninyo ng kaniyang guro na gawin niya ang buo niyang makakaya, at nariyan kayo para tulungan siya sa bawat hakbang.
- Bisitahin ang website ng Starting Smarter sa <https://elpac.startingsmarter.org> para mas maunawaan ang Mga Student Score Report, makita ang mga halimbawang tanong, at ma-access ang mga mapagkukunan ng impormasyon upang masuportahan ang pagkatuto ng inyong anak.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga marka ng inyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak at/o sa tanggapan ng paaralan.



Hulyo 2024